

Pagsisimula sa iyong **SILHOUETTE CAMEO®**




Pagkonekta ng iyong Silhouette CAMEO®


1

Tingnan ang Kasamang mga Aytem

Ang Silhouette CAMEO® ay may kasamang aytem na ipinapakita sa sumusunod na listahan. Tingnan kung andiyanlahat ng aytem bago magsimula. Kung may kulang sa mga aytem na nakalista sa ibaba, pakikontak ang support@silhouetteamerica.com.



Silhouette CAMEO® kasangkapan sa pagputol na nasa desktop




A/C adapter at pansaksak




USB cable




crosscut blade



12" mat sa pagputol




AutoBlade




Bluetooth® na pantanggal na tool

Kunin ang Silhouette CAMEO® sa kahon at alisin ang tatlong lastay ng packing tape at foam na suporta tulad ng nasa sumusunod na diagram. Ang mga lastay ng tape at foam na ito ay ginagamit para hawakan ang kumikilos na mga bahagi ng Silhouette habang ibinibiyahe.



alisin ang tape



alisin ang foam

2

I-install ang Silhouette Studio® na Software

Pag-install

1. Pumunta sa silhouetteamerica.com.
2. I-click ang asul na “Update Software” buton sa itaas ng screen.
3. Sa ilalim ng “Silhouette Studio” i-click ang link sa pag-download. Tiyaking pinili mo ang tama para sa iyong operating system (Windows o MAC).


PARA SA WINDOWS: Simulan ang proseso ng pag-install sa pamamagitan ng pagsunod sa sinasabi sa screen. Kapag hindi awtomatikong lumabas ang window sa pag-install, hanapin ang download sa My Computer at i-click nang dalawang beses ang setup.exe na programa para patakbuhin ito. Kapag lumabas ang “New Hardware Found” sa dialog box, sundin ang rekomendadong mga tagubilin para tanggapin ang pag-install ng sistema mo ng driver ng Silhouette.

PARA SA MAC: Hatakin at ihulog ang Silhouette Studio® na icon ng aplikasyon sa folder ng mga aplikasyon para ma-install ang Silhouette Studio®.

3

Ikonekta ang Silhouette CAMEO®

Sa sandaling naka-install na ang software ng Silhouette Studio®, ikonekta ang Silhouette CAMEO® sa suplay ng kuryente. Ikonekta pagkaraan ang Silhouette sa computer mo gamit ang kasamang USB cable na ipinakita sa diagram.



Buksan ang makina sa pamamagitan ng pagpindot sa buton ng kuryente. Sundan ang mga sinasabi sa touchscreen para piliin ang wika mo at simulan ang inisyal na setup. Kapag ipinakita ng PC mo ang “New Hardware Found” na dialog box, sundin ang rekomendadong mga tagubilin para matanggap ang pag-install ng sistema mo ng driver ng Silhouette.

Bluetooth®

Ang Silhouette CAMEO® ay kabagay ng Bluetooth® at pinapahintulutan ang wireless na komunikasyon. Ang “Silhouette CAMEO® Bluetooth® Edition” ay may kasamang nakakabit nang Bluetooth® adapter. Para sa lahat ng edisyon ng Cameo, nakalagay ang Bluetooth®, pero kakailanganin mong mag-install ng Bluetooth® adapter. Ang Bluetooth® ay nasa ilalim ng makina sa isang kahong mabubuksan ng screwdriver.

Upang ikonekta ang iyong pinagaganang Bluetooth® na CAMEO 3, tiyaking naka-activate ang iyong Bluetooth®. Dapat mong makita ang simbolong Bluetooth® sa kaliwang itaas na gilid ng iyong CAMEO screen. Kung walang simbolo na naroroon, i-activate ang Bluetooth® sa “BLUETOOTH” menu na matatagpuan sa loob ng mga setting ng CAMEO 3 machine (⚙️).



Naka-off ang Bluetooth®
(o walang Bluetooth® adapter ang naroroon)



Naka-activate ang Bluetooth® ngunit hindi konektado



Naka-activate ang Bluetooth® at konektado

Piliin ang “Idagdag ang Bluetooth Cutter...” mula sa Silhouette menu na matatagpuan sa itaas ng iyong Silhouette Studio® software. Lilitaw ang dialog box na ipinakikita ang mga device na Bluetooth®. Piliin ang CAMEO 3 mula sa listahan ng mga device at magsisimulang mag-sync ang software. Pagkatapos ng ilang segundo, ipakikita ang status ng CAMEO bilang “Handa” sa panel na IPADALA SA SILHOUETTE at kumpleto na ang pagsasaayos.


Paano Pumutol sa Iyong Silhouette CAMEO®

Pagbukas sa Silhouette Studio® na Software



Hanapin ang icon ng Silhouette Studio® sa desktop, o sa Start Menu ng PC mo (sa folder ng mga Aplikasyon sa Mac®). I-click nang dalawang beses ang icon para patakbuhan ang aplikasyon.


Kapag naka-load na ang Silhouette Studio®, mapapansin mo ang blangkong 12" x 12" na pahina sa screen mo.



Kung gusto mong palitan ang mga dimensiyon o oryentasyon ng pahina, makikita mong bukas na ang mga opsiyon sa setup ng pahina sa isang panel sa kanang bahagi ng screen.


Para mapuntahan ang mga opsiyon sa setup ng pahina sa hinaharap, i-click ang icon ng Design Page Settings sa options toolbar sa itaas na kanang sulok ng screen mo.

PANSININ: Para palitan ang yunit ng sukat mula sa sistema ng U.S. tungo sa sistemang metriko, piliin ang File -> Preferences... (Silhouette Studio® -> Preferences... sa Mac®). Sa ilalim ng seksiyon na Measurements ng dialog box ng preferences makikita mo ang ilang iba't ibang yunit na pansukat.



Pagguhit ng Teksto

A Para pumutol ng mga letra o salita gamit ang alinmang font sa computer mo, piliin ang text tool mula sa toolbar na nasa kaliwang bahagi ng screen. Pagkapili sa text tool, i-click saanman sa pahina at magsimulang tumipa.



Pagkatapos i-click sa pahinang may text tool, lalabas ang kumukurap na cursor. Magsimulang tumipa ng anumang letra, salita o pariralang pinili mo.

Habang tumitipa o nag-eedit ka ng teksto, ang panel sa mga opsyon sa teksto ay lalabas sa kanang bahagi ng screen. Sa panel na ito puwede mong palitan ang font, sukat ng teksto, timbang, justification, espasyo sa pagitan ng mga karakter at espasyo sa pagitan ng mga linya. Gamitin ang mouse para itampok ang teksto mo bago gumawa ng mga pagbabago sa font, sukat, bigat, atbp.

Para matapos ang pagtipa ng teksto mo, i-click saanman sa labas ng pahina. Tatapusin nito ang moda ng pag-edit sa teksto at aalisin sa pagkapili ang teksto. Kung kailangan mong may baguhin sa teksto, i-click nang dalawang beses ang teksto sa pahina gamit ang Select Tool (matatagpuan sa kaliwang toolbar).


Para maikilos ang teksto mo sa buong pahina, i-click at hatakin ito sa bagong lokasyon.

Para palitan ang sukat ng teksto mo, piliin ang teksto at i-click at hatakin pagkaraan ang isang sulok ng mga hawakan ng kontrol.

Para paikutin ang teksto mo, piliin ang teksto, i-click at hatakin pagkaraan ang berdeng bilog na nakikita sa ibabaw ng bagay.

Pagguhit ng Simpleng mga Hugis

Ang Silhouette Studio® ay may nakalagay nang functions para gumuhit ng simpleng mga hugis tulad ng bilog, parisukat, parihaba, linya, polygon, at freehand line art. Bawat isa sa kasangkapang ito ay matatagpuan sa toolbar sa kaliwang bahagi ng Silhouette Studio® na window.



Mga Linya

Para gumuhit ng linya, piliin ang Line Tool sa kaliwa ng toolbar. I-click at hatakin ng mouse para magdibuho ng linya, o i-click minsan para simulan ang linya at i-click ulit para tapusin.

Hwakan ang SHIFT habang lumilikha ng linya para magawang perpektong patayo, pahiga o 45° na linya.

Mga Parihaba/Mga Parisukat

Para gumuhit ng parihaba, piliin ang Rectangle Tool mula sa kaliwa ng toolbar. I-click at hatakin ng mouse para magdibuho ng parihaba, o i-click minsan para maglagay ng isang sulok at i-click ulit para ilagay ang katapat na sulok.

Hawakan ang SHIFT habang lumilikha ng parihaba para makagawa ng perpektong parisukat. Hawakan ang ALT (OPTION sa Mac®) para magdibuho ng parihaba mula sa gitna sa halip na sulok. Hawakan ang SHIFT + ALT (SHIFT + OPTION sa Mac®) para magdibuho ng perpektong parisukat na nakasentro sa orihinal na click mo.


Pagputol sa Disenyo Mo

Paghanda sa Mat sa Pagputol



Pagtanggal ng di-dumidikit na pangguhit sa mat sa pagputol.

Iposisyon ang papel mo o ibang media sa mat sa pagputol ayon sa diagram na ipinakita sa Silhouette Studio®.




 Kung wala kang makitang imahe ng mat sa pagputol sa ilalim ng dokumento mo sa screen, i-click ang Page Setup na buton sa options toolbar sa kanang sulok ng window.

Iposisyon ang imahe mo sa screen kung saan mo gustong putulin sa mat. Siguraduhing napanatili mo ang disenyo sa pulang gilid ng pahina mo.

Paghahanda sa pagputol ng Silhouette

Buksan ang Silhouette CAMEO® sa pamamagitan ng pagpindot sa buton ng kuryente at paghintay na magsimula ang makina.

Para mailagay ang mat sa pagputol sa Silhouette, angatin ang takip, ihanay ang kaliwang gilid ng mat sa asul na marka sa paghanay sa kaliwang bahagi ng makina, ilatag ang mat sa puting mga gulong, at pindutin ang "Load cut mat" na buton sa LOAD screen.




Ang pag-load ng materyal na may sariling suporta at hindi kailangan ng mat sa pagputol (tulad ng vinyl), ay kailangan ng prosesong katulad ng nasa itaas pero dapat mong piliin ang "Load media"

Kung gumagamit ng linyadong materyal nang walang mat sa pagputol, puwede kang gumamit ng crosscutter na nasa likod ng makina para tabasan ang proyekto mo pagkatapos putuin. Ilagay lang ang crosscut blade sa daanan at padaanan nito ang materyal mo sa direksiyong nakasaad sa crosscut blade. Ang crosscut blade ay matatagpuan sa storage compartment.

Pagpapalit ng mga Gulong para sa Mas Maliit na Media

Sa pamamagitan ng pagpalit sa mga gulong sa main roller shaft, ang Silhouette CAMEO® ay kayang putulin ang sumusunod na sukat ng media: A4, letter, 12", and 13".

Hanapin ang release lever sa kanang bahagi at pihitin pakanan.



Gagapin ang katawan ng gulong at roller head at pihitin sa bukas na posisyon.


Padulasin ang gulong sa nais na posisyon at pihitin pasara.

Mga Talim

Ang iba't ibang estilo ng talim ay pinapalitan sa iba't ibang paraan. Ang mga tagubilin sa pagpapalit ng pampalit na mga uri ng talim ay isasama sa pakete ng talim. Sa lahat ng pagkakataon, ang mas mataas na setting ng talim ay naglalantad sa mas maraming talim at para sa pagputol ng mas matalim na mga materyal. Tingnan ang Silhouette Studio para sa rekomendadong setting ng talim para sa iba't ibang materyal.

Setting ng talim	Materyal
1	Manipis na mga materyal tulad ng vinyl at materyal na madulas ang paglipat ng init
2-3	Ang mga materyal na katamtaman ang bigat tulad ng papel, cardstock at materyal na sabay-sabay ang paglipat ng init
4-6	Makapal na mga materyal tulad ng textured cardstock at mga papel na may padron
7-10	Makapal na mga materyal tulad ng kambas

Ang AutoBlade ay kayang awtomatikong magbago alinsunod sa settings ng pagputol ng software mo. Para manwal na baguhin ang AutoBlade, isuksok ang dulo ng talim sa adjustment socket ng talim tulad ng ipinakita. Marahang pisinin ang Autoblade pataas at pababa sa adjustment socket hanggang ituro ng pulang indicator line ang nais na setting.





PANSININ: Ang AutoBlade ay puwede lang gamitin sa kaliwang panghawak ng kasangkapan.

Dual-Carriage Setup

Ang CAMEO ay nagbibigay ng dual-carriage para hawakan ang dalawang magkaibang kasangkapan nang magkasabay. Papayagan ka nitong magsagawa ng iba't ibang aksiyon habang nasa parehong trabaho. Ang dalawang lalagyan ay tinatakan ng pula (o Kasangkapan 1 sa kaliwang panig) at asul (o Kasangkapan 2 sa kanang panig). Ang mga kasangkapang ay puwedeng palit-palit na gamitin sa alinmang lalagyan, maliban sa AutoBlade na puwede lang gamitin sa kaliwang panig.

Para maikarga ang kasangkapan sa nais na lalagyan, buksan ang panghawak ng kasangkapan sa pamamagitan ng marahang pagpisil at paghatak sa panghawak ng kasangkapan. Ilagay ang kasangkapan sa panghawak ng kasangkapan at itulak ang nakalabas na bahagi pabalik para makuha ang kasangkapan. Siguraduhing lubos na nakalapat ang kasangkapan sa panghawak.




 I-click ang buton ng Settings ng Pagputol sa toolbar sa ibabaw ng screen. Ang panel ng Settings ng Pagputol ay lalabas sa kanang bahagi ng screen.

Kung gumagamit ng maraming kasangkapan, puwede mong itakda kung aling mga linya ang isasagawa ng bawat kasangkapan. Ito ay puwedeng gawin sa isa sa dalawang paraan.

Kung ginagamit ang default na “Standard” Cut Mode, puwede mong piliin ang imahe mo sa lugar na gawaan at i-click sa Tool na gusto mong itakda sa imahe.

Kung ginagamit ang “Advanced” Cut Mode, puwede mong italaga kung aling kasangkapan ang gagamitin mo sa kulay ng linya o kulay na pampuno ng imahe sa pag-click ng nais na Tool.

Puwede mong palitan ang ayos ng pagputol (kung naaayon) sa ilalim ng Cut Conditions menu.



Sa loob ng panel ng Settings ng Pagputol, mapapansin mo ang isang listahan ng komon na mga uri ng media kasama ang iba't ibang timbang ng papel, vinyl, at iba pang materyales. Piliin ang akmang uri ng media mula sa listahan. Kung ang media na pinuputol mo (o katulad na media) ay hindi lumilitaw sa listahan, puwede mong piliin ang “Custom” mula sa listahan at manwal na baguhin ang bilis at kapal para sa Silhouette.

Sa pangkalahatan, kailangan ng mas makapal na mga materyal ang mas mataas na kapal at ang masinsing mga disenyo ay kailangan ng mas mabagal na pagputol.

Sa sandaling napili mo na ang akmang settings ng pagputol, i-click ang buton ng Ipadala sa Silhouette sa ilalim ng panel sa kanan.

Sa sandaling tapos na sa pagputol ang Silhouette, p indutin ang “Unload” na buton.

Maingat na talupin ang disenyo ng pinutol mo. Talupin ang natirang papel/media sa mat sa pagputol.


Gumamit ng kasangkapang pangkayas ng Silhouette para makayas ang sobrang mga piraso ng papel sa mat.

Tignan ang mga Disenyo



I-click ang buton ng Library Ko para makita ang mga disenyo ng Silhouette na nasa computer mo. Kasama sa Silhouette Studio® ang 100 libreng mga disenyo para matulungan kang magsimula. Ikonekta ang CAMEO sa computer mo at buksan ito para makuha ang 100 libreng disenyo mo.

I-click ang shortcut ng Ipakita Lahat ng Disenyo sa kaliwang panel ng Library Ko para tingnan ang lahat ng 100 disenyo kasama sa software mo.



I-click ang icon na susunod sa folder ng Library Ko para palakihin ang folder at matignan ang nilalaman nito. Ang folder na ito sa simula ay naglalaman ng kasamang 100 libreng disenyo.



Gamitin ang buton ng Tingnan bilang Icon at ang buton ng Tingnan bilang Listahan para palitan ang pagtingin sa mga disenyo mo sa kanang panel. Sa Tingin sa Listahan, puwede mong ayusin sa pamamagitan ng pangalan, uri ng disenyo, pangalan ng artista, at petsang nai-download.

Pag-hahanap ng mga Disenyo


Puwede mong organisahin ang mga disenyo mo sa loob ng Library Ko para madalian ka sa pamamagitan ng paglikha ng bagong folder para sa mga disenyo mo.



Naka-highlight ang folder ng Library Ko, i-click ang buton ng Bagong Folder sa toolbar na asa ibabaw ng window ng Library Ko, at tipahin pagkaraan ang pangalan ng bagong folder mo.

Piliin ulit ang folder ng Library Ko para ipakita ang 100 disenyong meron ka na.

Ilipat anumang disenyo mula sa kanang panel papunta sa bagong likhang folder mo sa panel ng mga folder sa kaliwa. Ang mga numero sa mga panaklong na katabi ng bawat folder ay nagpapakita kung ilang hugis ang kasama sa bawat folder.



Silhouette Cloud

Ang Silhouette Cloud ay kasabay na nagtatrabaho ng Silhouette Studio® para panatilihin naka-sync ang mga disenyo mo sa maraming device. Puwede kang mag-sync nang hanggang limang device sa Cloud account mo. Kung hindi ka gumagamit ng maraming device, ang Silhouette Cloud ay makatutulong sa pag-backup ng mga disenyo mo at pagpigil sa pangangailan ng pag-recover.

Sa Silhouette Cloud, walang hangganan ang makukuhanang imbakan ng download para sa Silhouette Design Store. May makukuhanang 1GB para sa custom content. Ang mga Miyembro ng Club Silhouette ay tatanggap ng 5GB na imbakan ng custom content.


Para ma-sync ang files mo, ilipat ang mga ito sa cloud icon sa folder ng Library mo. Sasabihan ka ng software na mag-sign in sa Cloud sa account ng Silhouette mo. Kapag naka-sign in ka na, sisimulan ng Cloud mo na mag-sync sa mga disenyo mo.

Ang Cloud Library mo ay mananatili sa sarili nitong folder sa Library mo. May opsiyon kang i-save ang mga bagay sa ilalim ng Local User na folder mo o sa iyong Cloud Library, na may titulo ng email mo sa Silhouette Account. Ang mga file na na-save sa folder ng Local User ay makuha mula sa device lang na iyon.

Hinahanap ang mga Disenyo

Sa ibabaw ng window ng Library Ko makakakita ka ng kahon sa paghahanap. I-click ang kahon ng teksto at itipa ang isang susing salita para maghanap sa library ng mga imahe mo. Ang mga resulta ng paghahanap ay lilitaw sa kanang panel ng Library Ko.

kahon sa paghahanap



Kung gusto mong tingnan ang mga susing salita at paglalarawan para sa isang hugis na ginamit sa paghahanap, i-click sa kanan (Control Click sa Mac®) at piliin ang Ipakita ang mga Katangian. Sa ilalim ng Library Ko lalabas ang mga detalye tungkol sa naka-highlight na hugis. Ang mga hugis na na-download mula sa Silhouette Design Store ay magtataglay ng ilang susing salita at paglalarawan o mga tagubilin.

Paggamit ng mga Disenyo sa Library Ko

Gamit ang mga folder sa Library Ko, pumunta sa isang disenyong gusto mong itabas. Pindutin nang dalawang beses ang disenyo para mailagay ito sa pahina mo sa software.



Awtomatiko nitong isasara ang Library Ko na madaling buksan ulit sa pag-click ng buton na Library Ko sa kaliwang toolbar ulit.

Para isara ang Library Ko nang hindi nagdidikit ng dinseyo, i-click ang buton na Isara sa itaas na kanang sulok ng lugar ng Library Ko.

Mag download ng Bagong mga Hugis


Kumokonekta sa Silhouette Design Store

Ang Silhouette Design Store ay nagtataglay ng libong disenyong tatabasin sa Silhouette o mula sa simpleng cutout hanggang masinsing padron at disenyo. Karamihan ng mga hugis ay 99¢ lang. Sa pangkalahatan, isang libreng hugis din ang ipinapaskel kada linggo.



Para puntahan ang Silhouette Design Store, i-click ang buton ng Design Store sa toolbar sa kaliwang panig ng window.


Ang libreng disenyo ng linggo ay ipapakita sa home page na lilitaw.



Tumingin ang bagong mga disenyo

Ang Silhouette Design Store ay parang anumang web page at puwedeng puntahan sa pag-click ng iba't ibang link para tingnan ang bagong labas, popular na disenyo, atbp. Ang home page ay nagtataglay ng popular at bagong mga disenyong maaaring interesado ka.

Sa ngayon, subukang mag-download ng libreng disenyo sa pamamagitan ng pag-click sa buton ng libreng disenyo sa linggong ito sa home page o paghanap sa tab ng Libreng Disenyo.



I-click ang disenyo sa mga resulta ng paghahanap para makita ang mga detalye tungkol sa disenyo. I-click ang buton ng Idagdag sa Cart para maidagdag ang libreng disenyong ito sa shopping cart mo.




Hanapin ang icon ng shopping cart sa ikanang sulok sa itaas ng window at i-click ito para tingnan ang shopping cart mo. Ang suma ng shopping cart mo ay dapat \$0.00.

I-click ang buton ng Checkout para magsimula. Sa sandaling ito hihilingin ng sistema na mag-sign in ka bago mag-download. Ang paglikha ng bagong account ay tatagal nang ilang sandali lamang. I-click ang link na Sign up Free sa pahina ng login para makalikha ng bagong account.


Lumilikha ng account

Ilang iba't ibang uri ng account meron. Kapag mas pamilyar ka na sa Silhouette Design Store, maaaring naisin mong bumili ng suskripsiyon at mag-download ng dose-dosenang disenyo kada buwan.



Para makalikha ng libreng account at makabili ng mga disenyo nang paista-isa, piliin ang opsiyon na "Sign up FREE".


Hihingin ang iyong pangalan, email at password para makalikha ng account. Itipa ang impormasyon mo at i-click ang buton ng Sign Up.





Kapag nalikha na ang account mo, kakailanganin mong puntahan ulit ang shopping kart mo at subukan ang proseso ng checkout ulit. Hihilingin sa iyong mag-validate ng password mo tuwing nagda-download ka ng mga disenyo.

Itipa ang password mo para pahintulutan ang download.




Habang nagsisimulang mag-download ang disenyo mo, lababas ito sa folder ng Recent Downloads ng Library Ko na lilitaw sa screen na ipinapakita ang progreso ng download. Anumang bagong disenyong i-download mo mula sa Silhouette Design Store ay lilitaw sa espesyal na folder na ito at puwedeng ilipat sa anumang folder na pinili mo.

Pindutin nang dalawang beses ang bagong download na disenyo mo para mailagay ito sa kasalukuyan mong dokumento.

Ginagamit ang iyong pansubok na kard ng suskripsiyon

Kung may kasamang pansubok na kard ng suskripsiyon ang Silhouette mo, maaari mo itong gamitin sa pagbili ng mga disenyo mula sa Silhouette Design Store. Pagkatapos irehistro ang makina mo sa silhouetteamerica.com/setup, papadalhan ka ng email ng unique code na nagbibigay sa iyo ng 1-buwang Batayang suskripsiyon sa Silhouette Design Store. Sundin ang mga direksiyon sa email para ma-activate ang pansubok na suskripsiyon mo at magsimulang ma-enjoy ang Silhouette Design Store.



Ang makukuhang mga kredito ng suskripsiyon mo ay matitingnan sa kanang sulok sa itaas ng screen sa ilalim ng search bar.

Gamit ang USB Device mo sa Silhouette CAMEO®

Pag-save sa USB Device Mo


Magbukas o lumikha ng hugis sa Silhouette Studio® na software.

Palitan ang sukat ng disenyo mo sa sukat na gusto mong tabasin at ipuwesto ito ayon sa gusto.

Maglagay ng USB memory device sa computer mo.

Pumunta sa File > Save As na opsiyon (o CTRL + SHIFT + S) at i-save ang disenyo mo sa USB memory device.

Alisin ang USB memory device sa computer mo.



Paggamit ng USB Device sa iyong Silhouette CAMEO®



Habang nakabukas ang Silhouette CAMEO®, isuksok ang USB memory device mo sa suksukan sa gilid ng makina. Ikarga ang materyal mo sa Silhouette.

Habang nakalagay ang USB memory device at naka-load ang mat/media sa pagputol, lilitaw ang isang USB menu sa screen mo. Pindutin ang buton ng USB sa kaliwang sulok sa ilalim.

Mula rito, tignan ang files sa device mo at piliin ang nais mong imahe. Sa ibabaw magkakaroon ng imahe ng file mo para matulungan kang piliin ang hinahanap mo.

Ang “Change Settings1” at “Change Settings2” ay magbibigay sa iyo ng daan para baguhin ang Settings ng Pagputol para sa bawat panghawak ng kasangkapan. Ang Settings ng Pagputol mo ay na-save nang nag-save ka ng file mo sa Silhouette Studio®, pero puwede mong baguhin ang mga ito kung kailangan. Puwede mo ring piliin magsagawa ng subok na pagputol dito.

Kapag handa ka na, pindutin ang buton ng Ipadala. Ang trabaho mo ay puputol ayon sa mga ispesikasyon mo.





Silhouette CAMEO Mga Pag-iingat para sa Kaligtasan

- Ilagay ang Silhouette CAMEO sa hindi naaabot ng mga bata.
- Irebyu at itago ang dokumentong ito bilang sanggunian sa hinaharap.
- Ang Silhouette CAMEO ay isang elektronikong kasangkapang pampulot na kailangan ng maingat na paggamit at pagwahak. Para maiwasan ang personal na pinsala o pagkasira ng makina, pakibasa ang sumusunod na mga pag-iingat para sa kaligtasan.

Mga kumbensiyong ginamit sa gabay na ito

Para magamit nang ligtas at wasto ang Silhouette CAMEO, gayon din para maiwasan ang pinsala sa tao at pagkasira sa pag-aari, dapat bigyan ng maingat na pansin ang bawat pag-iingat para sa kaligtasan sa dokumentong ito. Ang pagpaliyang tumalima sa mga pag-iingat na ito ay maaaring magpawalang-bisa sa warranty ng produkto at anumang personal o pangkagamitang pananagutan sa pinsala.

Paglalarawan sa mga simbolong pangkaligtasan

- Ipinapakita ng simbolong ito ang impormasyong kailangan ng maingat na pansin (kasama ang babala).
- Ipinapakita ng simbolong ito ang aksiyong mahigpit na bawal.
- Ang simbolong ito, katibi man ng imahe o kasama sa teksto, ay nagpapakita ng kilos na dapat gawin.

Ingat Kaligtasan



- Huwag hipuin ang gumagalaw na mga bahagi habang pumuputol ang Silhouette.**
- Ilayo ang mga kamay at ibang bagay sa gumagalaw na mga bahagi kapag nakasaksak ang makina.**
- Huwag kalasin, kumpunihin, o iremodel ang Silhouette.** Ang paggalaw sa Silhouette hardware ay puwedeng magdulot ng pagkakuryente o sunog dahil sa pagtagas ng kuryente. Kung kailangang kumpunihin ang Silhouette mo, pakikontak ang Silhouette Customer Service.
- Huwag ikonekta ang Silhouette sa non-rated na suplay ng kuryente.** Ang paggamit ng ibang boltahe ng suplay ay maaaring magresulta sa pagkakuryente o panganib sa sunog dahil sa pagtagas ng kuryente.
- Huwag gamitin ang Silhouette sa lugar na maaari itong malantad sa tubig, pagkabasa o alikabok.**
- Kapag ang Silhouette ay umusok, umamoy o di-normal na gumana, huwag ipagpatuloy ang paggamit dito. Hugutin ang AC adapter sa saksakan.**

Ang paggamit ng Silhouette CAMEO na sobrang init ay maaaring magdulot ng panganib sa sunog o pagkakuryente. Huwag subukang kumpunihin ang Silhouette nang sarili mo.

- Huwag padapuan ng alikabok o mga bakal ang pansaksak.** Ang maruming pansaksak ay maaaring magdulot ng pagkakuryente o panganib sa sunog dahil sa pagtagas ng kuryente.
- Huwag gamitin ang AC adapter o pansaksak kung sira.** Ang paggamit ng sirang pansaksak o AC adapter ay maaaring magdulot ng pagkakuryente o sunog. Palitan ang sirang pansaksak at AC adapter.

Ingat Kaligtasan



- Tanging AC adapter lang na kasama sa kahon ng Silhouette CAMEO ang gamitin.** Ang paggamit ng ibang AC adapter ay maaaring magdulot ng maling pag-nadar o magresulta sa pagkakuryente o sunog. Siguraduhing nakakonekta ang AC adapter sa CAMEO bago isaksak ito sa pader.
- Matalas ang talim ng Silhouette.** Hawakan nang maingat ang lalagyan ng talim at huwag hawakan ang mismong talim.
- Huwag gamitin o itago ang Silhouette CAMEO sa isang lokasyong nakabilad sa araw o bugahan ng air conditioner o heater.** Ang labis na init, alibabok at/o pagkabasa ay puwedeng magdulot ng maling pag-andar sa makina.
- Huwag gamitin ang Silhouette CAMEO sa lugar na sobra ang yugyog o elektrikal na ingay.**
- Huwag hatakin ang pansaksak para hugutin ang Silhouette.**
- Kapag may banyagang bagay/ sustansiyang pumasok sa Silhouette habang pinapatakbo, kanselahin ang proyekto sa pamamagitan ng pagpatay ng makina.** Huwag subukang alisin ang banyagang bagay o magpatuloy sa pagputol.
- Huwag tangkaing langisan ang Silhouette CAMEO.** Hindi kailangan ng pampadulas ng Silhouette o anumang ahente para normal na tumakbo.
- Huwag gumamit ng anumang ahenteng likidong panlinis o anumang likido sa loob ng Silhouette CAMEO o paligid ng control panel ng Silhouette.** Sisirain ng mga likido ang pag-andar ng makina.

Siguraduhing sapat ang espasyo sa paligid ng Silhouette CAMEO habang pinapatakbo ang makina para hindi mabangang ng makina, media at mat sa pagputol ang mga bagay sa paligid nito.

Panatilihiing di-kukulangin sa 3 piye ang layo ng Silhouette CAMEO sa anumang ilaw o pinagmumulan ng init.

Laging gamitin ang tamang setting ng talim para sa materyal na pinuputol mo. Ang paggamit ng masyadong malalim na setting ay puwedeng sumira sa mat sa pagputol at puwedeng masamang maapektuhan ang pagsasagawa ng pagputol.

Kapag manwal na inililipat ang lalagyan ng pampulot, mag-ingat at kumilos nang mabagal para hindi masira ang hardware ng Silhouette.

Para sa anumang tanong o alalahanin kontakin ang Silhouette Customer Service sa support@silhouetteamerica.com.

Saan Makakakita ng Dagdag na Impormasyon

Kumpletong Manwal ng Gumagamit

Tingnan ang kumpletong nakadibuhong Manwal ng Gumagamit sa Silhouette Studio® sa pamamagitan ng pag-click sa Help -> User's Manual.

Website

Bisitahin ang seksiyon ng tutorial sa www.silhouetteamerica.com para matulungan sa partikular na mga katangian at hakbang-hakbang na tagubilin kung paano putulin ang iba't ibang uri ng media sa Silhouette CAMEO®.

Blog

Bisitahin ang opisyal na Silhouette blog sa blog.silhouetteamerica.com para sa mga ideya ng bagong mga proyektong puwede mong likhain. Maraming paskel na blog ang naglalaman ng hakbang-hakbang na mga tagubilin sa abanteng paggamit ng mga produkto at software ng Silhouette.

Newsletter

Mag-sign up para sa Silhouette newsletter sa www.silhouetteamerica.com para makatanggap ng mga update sa produkto at espesyal na mga alok sa pamamagitan ng email.

Customer Service

Kung meron kang mga tanong, maging malayang kontakin ang customer service sa:

Silhouette America, Inc.

support@silhouetteamerica.com

(800) 859-8243 (US lang)

(801) 983-8937